


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Panginoon Ko, Tiwala Ako



**Pangalan:**___________________________________

**Baitang at Seksyon:**___________________________

**Paaralan:**___________________________________



# Alamin

Sa modyul na ito ay maipamamalas ang kahalagahan nang matibay na pananampalataya sa Diyos anuman ang haharapin sa buhay. Sandigan ang Pananalig sa Diyos na sinasabayan ng kilos at gawa ng tao upang matupad ang mithiin sa buhay.

Layunin:

- Naipapakita ang Pananalig sa Diyos.
- Natutukoy ang Pananalig sa Diyos.

**Kasanayang Pampagkatuto:**

Pagpapakita ng Pananalig sa Diyos. **EsP3PD-IVa-7.1**



# Subukin

Basahin ang mga pahayag at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa pagpapakita ng ganap na pagtitiwala sa Diyos?
   A. Paggalang sa Paniniwala      C. Pagmamahal sa kapwa
   B. Pananalig sa Diyos
2. Alin ang dapat gawin upang makamit ang mithiin sa buhay?
   A. Umaasa na darating ito sa takdang panahon
   B. Ipagmayabang ang pangarap sa buhay kahit tamad
   C. Manalig sa Diyos at magsikap sa buhay upang makamit ang pangarap
3. Ang Pananalig sa Diyos ay ipinakita sa Panalangin pati rin sa ______?
   A. mabubuting kilos, gawa at pananalita.
   B. Pag-asa na magtagumpay
   C. Positibong pananaw

# Modyul 4 Panginoon Ko, Tiwala Ako

Sa araling ito, iyong malalaman kung paano maipapakita ang pananalig sa Diyos, Hindi lamang sa paniniwala kundi pati rin sa salita at gawa.



## Balikan

**Panuto**: Basahin ang mga pahayag at piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang titik ng wastong sagot sa patlang.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| A. Lima | B. Koran | C. Sabado | D. Ministro | E. Pasko |

1. Ang tawag ng mga muslim sa kanilang banal na aklat ay _____.
2. Sa Iglesia ni Kristo ang kanilang _____ ang may karapatan na mangaral ng salita ng Diyos.
3. Ipinagdiriwang ng mga Katoliko sa Disyembre ay______.



## Tuklasin

Basahin mo ang isang maikling salaysay ng isang tao na nakamit ang kaniyang pangarap. Sagutin ang mga kaugnay na tanong.

Ako si Parega, lumaki ako sa mahirap na pamilya. Sa hapag-kainan, lagging ensakto ang hatian. Hindi na ako pwedeng humingi ng dagdag na ulam kahit gutom pa ako dahil kailangang pagkasyahin ni nanay ang ulam para sa lahat.

Naglalakad lamang ako papunta sa paaralan kahit medyo malayo ito. Sa singkwenta sentimos na baon, hindi na ako makakakain kapag nagtricycle pa ako.

Isang araw, may pinagawa sa amin si Gng. Mejares. Sabi niya, ipikit daw naming ang aming mga mata at isipin ang mga pangarap namin-ang gusto naming propesyon o trabaho paglaki namin, ang mga lugar na gusto naming puntahan. Tapos,

ilarawan daw naming sa aming isipan na kami ay matagumpay, na nakamit naming ang aming pangarap.

Pagkatapos, pinadilat na niya kami at tinanong ng ganito: “Mga bata, nananalig ba kayo na magkatotoo ang mga pangarap ninyo?”

”Opo””, ang nagging sagot naming lahat.

Tinanong niya ulit kami. Kung nananalig daw kami, ano ang maari naming gawin para matupad ang pangarap namin. Sumagot naman kami. Sabi ko, “kahit ano ang manyari, sisikapin ko na makatapos sa pag-aaral. Hindi ko na matandaan ang sinagot ng iba kong kaklase.

Sabi niya matutupad daw ang aming pangarap kung kami ay mag-aaral nang mabuti at magtitiwala sa Diyos na tutulungan kami na maabot ang aming pangarap.

Anumang kahirapan natin sa buhay, manalig tayo na nariyan ang Diyos upang tayo ay gabayan at tulungan sa pagtupad ng ating pangarap habang ginagawa natin ang matuwid at nararapat.

Natupad ba ang mga pangarap ko? Heto, sinusulat ko ang kwento ng buhay ko para sa iyo. Tama ka. Guro na nga ako. Gawin mo
Ang makakaya mo at manalig ka lang sa Diyos. Sigurado ako, matutupad ang naisin ng puso mo.

Tanong:

1. Sino ang batang nagsalaysay sa kwentong binasa?

    ______________________________

2. Natupad ba ang pangarap ng bata?

    ______________________________

3. Ikaw, ano ang pangarap mo?

    ______________________________

4. Paano ipinakita ng may-akda ang salaysayang pananalig sa Diyos sa araw-araw?

    ______________________________



# Suriin

Ang pananampalataya o pananalig sa Diyos ay pagpapakita ng ganap na pagtitiwala sa Diyos anuman ang ating kaharapin sa pamumuhay. Habang ginagawa natin ang makakaya natin upang maging maayos at mabuti ang ating pamumuhay, nagtitiwala din tayong gagabayan at tutulungan tayo ng Diyos.

Ang pananalig sa Diyos ay hindi lamang sa panalangin makikita kung hindi narin sa mabubuting kilos, gawa at pananalita.

Kahit ikaw ay bata pa, marami kana ring karanasan sa araw-araw. May mga pagkakataon na hindi natutupad ang iyong mga hiling o mithiin sa buhay ngunit hindi dapat mawalan ng pag-asa. Siguro ay matutupad ang panalangin mo sa takdang panahon. Ang mga karanasang ito ay maaaring nakapagbibigay ng saya o lungkot sa iyo. Ang iyong mga karanasan din ang maaaring magpatibay sa iyong pananalig sa Diyos. Maiging palakasin pa ang pananalig sa Diyos sa pagkat ito ang gagabay sa iyo upang ikaw ay maging mabuting tao.



# Pagyamanin

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha  sa patlang kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng Pananalig sa Diyos at malungkot  naman kung hindi.

______ 1.Ipinagdarasal ni Irene na palaging ligtas sa COVID-19 ang kanyang pamilya.

______2.Ang Girl scout na si Edna ay may tiwala sa sarili na makamit ang kanyang pangarap na maging isang guro sa pamamagitan ng pagpursige sa pag-aaral.

______3.Nais ni Jhon na makatapos ng pag-aaral ngunit tamad sagutin ang modules.



# Isaisip

Sumulat ka ng isang panalangin na limang (5) taon mula ngayon na gusto mong makamit. Sa tulong ng mga katanungan sa ibaba, sagutin mo ang mga ito upang mabuo ang nilalaman ng iyong dinadasal sa Diyos.

Panalangin ko sa Diyos

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________



# Isagawa

**Panuto:** Iguhit ang () kung ang larawan ay nagpapakita ng Pananalig sa Diyos at () kung hindi.



https://bit.ly/36xLbhv

1. Pagbabasa ng Bibliya




https://bit.ly/3qvojYj

2. Batang Bully



https://bit.ly/2L2pHBj

3. Pamilya na nagdarasal




https://bit.ly/36z0Nl1

4. Nagsisikap para sa kinabukasan



# Tayahin

Basahin ang mga pahayag at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapakita ng pananampalataya sa Panginoon?
   A. Pinagtatawanan ng magkakaibigan ang batang muslim.
   B. Si Ruel ay nagpapasalamat sa Diyos bago kakain.
   C. Ang mga Boy scout ay nagtatalo tungkol sa kani-kanilang relihiyon.
2. Si Ann ay nagsusumikap sa kanyang pag-aaral at umaasa na siya ay makapagtapos ng kurso sa kolehiyo. Lagi siyang nananalangin na dinggin ang kanyang mga mithiin.
   Siya ay may__________?
   A. Tiwala sa sarili
   C. Intensyong makapag-abroad
   B. Pananalig sa Diyos
3. Ang mga pagsubok o unos sa buhay ay mapapawi kung ____?
   A. Umiyak nang umiyak
   C. Pabayaan ang buhay
   B. Magsumikap at magdasal



## Karagdagang Gawain

Maglista ng tatlong (3) karanasan na nagpapakita ng Pananalig sa Diyos.

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________

# Sanggunian


Maria Carla M. Caraan (et.al) – Edukasyon sa Pagpapakatao 3
Ikatlong Baitang – Kagamitan ng Mag-aaral (Sinugbuanong Binisaya) Edisyon 2014, p. 189-197
Inilimbag sa Pilipinas Studio Graphics Corp.
Victoria V. Ambat (et.al) – Edukasyon sa Pagpapakatao 3
Ikatlong Baitang – Patnubay ng Guro
Edisyon 2014, p. 79-82 Inilimbag sa Pilipinas ng Rex Bookstore, Inc.

Image source: "Ang karanasang hindi ko malilimutan"
https://vinsssssssoy.files.wordpress.com/2016/12/download.jpg
DECEMBER 11, 2016 / VINCENTJEBONG,date accessed November 27, 2020
Image source: AnoangtunaynapananaligsaDiyos?
PaanodapatmanaligsaDiyosangisangtao para matamoangKanyangpapuri?
https://tl.kingdomsalvation.org/wp-content/uploads/thumb/god-and-the-bible-5.jpg, date accessed November 27, 2020
Image source: PagmamanosaMatatanda- August 15, 2017 Mario
https://4.bp.blogspot.com/--4lGgJ2PhTI/WZO26AD7X0I/AAAAAAAABpc/oqtIhXoEY70QRZJ0WAXO8Fh9XPwS6BmSACLcBGAs/s1600/nagmamano.jpg, accessed November 27, 2020
Image source: Bulacan writers guild
https://encrypted-tbn0.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcRwnzam57ha1cT6WiGvvgvThFwNdtmIKK0wbw&usqp=CAU, date accessed November 27, 2020
Image source: Mangarapka
https://image.slidesharecdn.com/modyul13mangarapka-150203082710-conversion-gate01/95/esp-7-modyul-13-mangarap-ka-8-638.jpg?cb=1485694973, date accessed November 27, 2020
Image source: Lazy children
https://i.dailymail.co.uk/i/pix/2017/02/07/12/3CEBE35300000578-0-image-a-12_1486469211006.jpg, date accessed November 27, 2020
Image source: Bully dawanganakko
https://tap-assets-prod.dexecure.net/wp-content/uploads/sites/11/2017/12/Bullying-lead-.jpg?resize=h412
date accessed November 27, 2020
Image source: Kahirapan: BalakidngabasaTagumpay?
https://amaclcwritersblog.files.wordpress.com/2018/08/tagumpay.jpg
Image source: sad boy
https://st4.depositphotos.com/27811286/30452/v/1600/depositphotos_304525880-stock-illustration-kids-argue-fight-with-friend.jpg, date accessed November 27, 2020

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Glenda T. Gainsan, Teacher III
Habib Moin Anduhol Memorial Elem. Sch./Ipil District
Editor: Jerick P. Mamac
Tagasuri: Baby Aida S. Awang
Mona Lisa M. Babiera, EPS-EsP
Tagapamahala:
Evelyn F. Importante, OIC-CID Chief EPS
Aurelio A. Santisas, OIC ASDS
Jerry C. Bokingkito , OIC ASDS
Jeanelyn A. Aleman, CESO VI, OIC SDS